REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS**
Meralco Avenue, Pasig, Metro Manila

OFFICE OF THE SECRETARY

Hulyo 1, 1999

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg 273, s 1999

**PAMBANSANG KUMPERENSYA WORKSYAP SA FILIPINO**

Sa Mga
Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Pinuno ng Pribadong Paaralan, Elementarya at Sekundarya

1 Isang Pambansang Kumperensya Worksyap sa Filipino and itataguyod ng Pambansang Samahan sa Linggwistikang Filipino (PSLF) at ng Sentro ng Pag aaral ng Wika ng Pamantasang Normal ng Pilipinas sa pakikipag ugnayan sa Kagawaran ng Edukasyon Kultura at Isports at Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon sa ika 24 hanggang 26 ng Agosto 1999 sa Awditoryum ng Pamantasang Normal ng Pilipinas Maynila

2 Papaksain ng Kumperensya Worksyap ang Ortograpiyang Filipino Sa Muling Pagdalaw Napakahalaga at napapanahon ang paksang ito lalo pa t nagiging mainit ang paghahain ng mga panukala para sa muling pagrerebisa ng kasalukuyang Patnubay sa ispeling ng ipinatutupad ng Kagawaran

3 Kaugnay ng nabanggit na layunin ng isasagawang Kapulungan ang sumusunod

a) maglaan ng venue para sa malaya at masusing pagsusuri ng Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino na kasalukuyang ipinatutupad ng DECS Order 81, s 1990,

b) magtipon ang pinakamagaling na kaisipan kaugnay ng paksa upang magamit sa pagbuo ng panukala para sa pagrerebisa ng nabanggit na Patnubay,

c) makabuo ng draft ng mga mungkahi para sa rebisyon ng Patnubay, at,

d) mahikayat ang masigla at seryosong pakikilahok sa mga gawaing pangwika

4. Inaasahang dadalo sa Kapulungang ito ang mga kinatawan ng kawanihan at tanggapang sentral ng Kagawaran, mga panrehiyon at pansangay na tagamasid at tagapag-ugnay sa Filipino, mga puno ng Kagawaran ng Filipino o sinumang hihiranging kinatawan sa mga paaralang elementarya, sekundarya, kolehiyo at unibersidad na pang-estado at pribado, mga dati nang kasapi ng PSLF, mga miyembro ng iba't-ibang kapisanang pangwika at pang-edukasyon, mga gurong nagtuturo ng/sa Filipino, instruktor/propesor ng Filipino.

5. Ang lahat ng dadalo sa gawaing-kapulungan ay magbabayad ng Dalawang Libong Piso (P2,000.00) sa rehistrasyon para sa mga handouts, materyales, honoraria sa mga ispiker at kawani at pagkain (anim (6) na meryenda at tatlong (3) tanghalian). Maaaring dumalo sa opisyal na oras lamang. Ang mga dadalo mula sa pribadong paaralan ay maaaring makipag-ugnayan sa kanilang mga opisina hinggil sa mga pinansiyal na gastusin.

6. Hinihiling na magsagawa ng mga panimulang pagpupulong/worksyap tungkol sa paksa ang mga lider sa Filipino sa rehiyon bago ang aktwal na gawain sa Agosto. Inaasahang makapaghaharap ng lagom ng pagsusuri ang bawat rehiyon, gayundin ng mga panukala para sa rebisyon ng Patnubay. Makikipag-ugnayan ang PSLF sa mga superbisor ng Filipino sa rehiyon para sa gawaing ito.

7. Mangyaring makipag-ugnayan kina Dr. Clemencia C. Espiritu sa Tel. Blg. 5270365 o Dr. Candelaria Cui-Acas sa Tel. Blg. 7362526 para sa iba pang detalye.

8. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Andrew Gonzalez

**ANDREW GONZALEZ, FSC**
Kalihim

Sanggunian: W a l a
Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)
Ilalagay sa <u>Palagiang Talatuntunan</u> sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa::

CONVENTION
Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS